JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 5

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 3: Pagbibigay ng Paksa/ Layunin sa Kuwento at Dokumentaryo



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikalimang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan – Modyul 3: Pagbibigay ng Paksa/Layunin sa Kuwento at Dokumentaryo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Shenah Mae B. Recentes
**Editor:** Sheila Mae M. Magale
**Tagasuri:** Sheila Mae M. Magale/Riela Angela C. Josol
**Tagalapat:** Vicente S. Araneta Jr.

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Riela Angela C. Josol - Education Program Supervisor- Filipino
Bernie P. Laranjo - Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo - Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Alamin

Magandang araw sa iyo mag-aaral!

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat upang inyong isaisip. Nakakatulong ito upang matulungan kang magpakatao at maging kasapi ng pamilya. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na magamit ito sa maraming iba't ibang mga sitwasyon sa pag-aaral. Ang wika na ginamit ay kinikilala ang magkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral.

Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Naibibigay ang paksa/layunin ng napakinggang kwento/usapan/talata at pinanood na dokumentaryo**. (F5PN-Ic-g-7, F5PN-IIg-17, F5PDIIf-13)**

Mga tiyak na kaalaman na dapat mong matutunan sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakapagbibigay ng paksa/layunin sa napakinggang kwento, talata o usapan;
2. Nabibigyang-halaga ang mabuting pakikinig sa mga akda;
3. Nasasabi ang pangunahing diwa o paksa sa napanood na dokumentaryo.

## Aralin 2 — Pagbibigay ng Paksa sa Kuwento at Dokumentaryo

Sa araw-araw nating pakikisalamuha ay marami tayong napapakinggan na mga kwento o mga usapan. Pati na rin sa social media na mas madalas na ginagamit sa kasalukuyan. Ang bawat impormasyon na ating naririnig o napapanood ay may mga nakapaloob na mga paksa. Dapat alam natin kung paano ang pagtukoy sa mga paksa nito.



# Tuklasin


Basahin ang sumusunod na mga seleksyon. Sa bawat seleksyon, sagutin ang kasunod na mga tanong sa sagutang papel. Isulat lamang ang letra.

Masarap at malambot ang laman ng buko at manamis-namis ang sabaw nito. Ang langis naman ng niyog ay ginagamit sa pagluluto. Ginagawang dekorasyon naman ang bunot at bao nito. Panggatong at gamit sa paggawa ng bahay ang puno. Ang palito at dahon ng niyog ang ginagawang walis tingting. Anupa't masasabing ang niyog ay puno ng buhay dahil sa dami ng pinaggagamitan nito.

1. Ang ang paksa ng talata?
   A. Manamis-namis ang sabaw ng buko
   B. Ang gamit ng niyog
   C. Ang langis ng niyog
   D. Ang malambot na buko
2. Bakit sinasabing ang buko ay puno ng buhay?
   A. Dahil sa laman nito
   B. Dahil sa ginagawa itong bahay
   C. Dahil sa lambot nito
   D. Dahil sa pinaggagamitan nito

Ana: Beth, nakagawa ka na ba ng takdang aralin sa Filipino?
Beth: Hindi pa nga, ano nga ba iyon?
Ana: Gagawa daw tayo ng sarili nating tula.
Beth: Ganoon ba, tayo na at simulan natin.

3. Sino ang nag-uusap?
   A. Beth at Wendy C. Ana at Beth
   B. Ana at Ben D. Bethy at Ann
4. Ano ang paksa ng kanilang usapan?
   A. Ang kanilang planong paglalakbay
   B. Ang takdang aralin sa Filipino
   C. Ang iniutos ng guro
   D. Ang araw ng pasukan
5. Paano makikilala ang paksa ng isang kuwento?
   A. Paksa ang sentral na ideya ng katha.
   B. Makikita sa paksa ang tauhan ng isang talata.
   C. Nakapaloob sa paksa ang tagpuan ng isang kuwento.
   D. Sa paksa makikita ang wakas ng katha.



# *Suriin*

Ang bawat akda ay may nakapaloob na paksa o pangunahing diwa. Sa bawat napapakinggan nating kwento o usapan dapat alam natin ang paksa nito.

Ang PAKSA o pangunahing diwa ay ang sentral na ideya o ang pinag-uusapan sa isang akda. Sa pagtukoy sa layunin ng may-akda sa kanyang isinusulat sa pamamagitan ng pagsuri sa pamagat, mga panimula at pangwakas ng talata.

Mahalagang kasanayan sa pag-uunawa sa iyong napakinggang akda ang pagkuha ng pangunahing diwa o paksa. Kapag ito'y iyong nakuha matapos ang iyong pakikinig, masasabing nauunawaan mo ang kwento o talata.

Ang layunin ng isang akda ay maaaring magpatawa, magsalaysay, magbigay-impormasyon, mangatwiran, manghikayat at iba pa.

Hindi lamang sa pakikinig at pagbabasa makukuha natin ang paksa o pangunahing ideya ng isang kwento. Maging sa panonood ng mga dokumentaryo. Isang halimbawa ang panonood ng Dokumetaryong Pantelebisyon na naglalahad ng katotohanan sa buhay ng tao sa bawat sektor ng lipunan gayundin ang kultura at pamumuhay nito.

Narito ang halimbawa sa pagtukoy sa paksa:

Ang damo ay peste at kaaway ng halaman kaya dapat patayin. Ito'y nagpapaliit sa inaani ng isang bukirin at nagsisilbi pang tirahan ng mga insekto at pesteng namiminsala ng mga halaman.

1. Ano ang paksa ng talata?
   Sagot: Ang Damo


2. Bakit ito'y nagiging kaaway ng mga halaman?
   Sagot: Dahil ito'y nagpapaliit sa inaani at namiminsala ng mga halaman

Ang paksa sa talata ay "Ang Damo" sapagkat ito ang pinag-uusapan sa talata.

Narito ang halimbawa sa paagtukoy sa layunin:

Bumili na kayo ng mainit na tinapay. Mainam ito sa kalusugan dahil sinamahan ito ng malunggay na mapagkukunan ng maraming bitamina.

Ang layunin ng pahayag sa kahon ay nanghihikayat sapagkat nanghahalina sya sa mga bumasa na bilhin ang kanyang itinitindang tinapay at naglahad kung bakit nararapat na bilhin ang tinapay.



# Pagyamanin

**Gawain 1**

Basahin ang sumusunod na mga seleksyon. Sa bawat seleksyon, sagutin ang kasunod na mga tanong. Isulat ang tamang letra sa inyong sagutang papel.

Si Marcelo H. Del Pilar ay tinaguriang Dakilang Propagandista. Isa siyang abogado na kilala sa pagsulat ng mga artikulo laban sa pang-aabuso ng mga paring Español. Ipinagpatuloy niya ang gawaing ito sa España kung saan naging patnugot at tagapaglathala siya ng La Solidaridad. Sa kakulangan ng pera at pangungulila sa pamilya, nagkasakit siya at namatay sa España.

1. Alin ang paksa ng iyong napakinggang kwento?
   A. Ang pagsulat ng mga artikulo
   B. Ang Dakilang Propagandista
   C. Ang pagkamatay ni Marcelo H. Del Pilar
   D. Ang pang-aabuso ng mga Español
2. Ano ang layunin ng tekstong binasa?
   A. Manghihikayat
   B. Mangatwiran
   C. Magpatawa
   D. Magsalaysay

Aling Tina: Bert, kumain ka na. Nagluto ako ng masarap na adobo.
Bert: Wow! Siguradong masarap 'yan inay.
Aling Tina: Siyempre alam kong paborito mo ang adobo.
(Tinikman ang adobo)
Bert: Napakasarap, inay! Siguradong mabubusog ako nito.

3. Ano ang paksa ng kanilang usapan?
   A. Ang masarap na adobo
   B. Ang pagtikim ni Bert sa ulam
   C. Ang pagtawag ni Aling Tina kay Bert
   D. Ang pagkabusog ni Bert

Maraming paraan ang paglilibang. Mayroon sa ating isipan tulad ng pagbabasa, pagbubugtungan, pag-iiskrabol o paglalaro ng "chess."

Mayroon ding para sa pagpapalakas ng katawan tulad ng basketbol, balibol, piko. luksong-lubid, sipa at iba pa. Mayroon ding makabubuti sa damdamin tulad ng panonood ng sine o TV, pakikinig sa radio at iba pa.

4. Ano ang paksa ng talata?
   A. Iba't-ibang gawain sa katawan
   B. Mga nilalaman ng isipan
   C. Mga Paraan ng Paglilibang
   D. Mga gawaing isports
5. Ano ang layunin ng tekstong binasa?
   A. Manghihikayat
   B. Magbigay-impormasyon
   C. Magpatawa
   D. Magsalaysay

## Gawain 2

Basahin ang dokumentaryo ni Kara David na pinamagatang "**Paraisong Salat.**" Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa ibaba. Maaaring mapanood ninyo ito sa https://www.youtube.com/watch?v=c-84riuTrvM .

**Paraisong Salat**
*Dokumentaryo ni Karen Davila*

Bughaw na tubig, puting buhangin, nag-aagaw na pula at kahel na langit. Mayaman sa mga kahanga-hangang kulay ng kalikasan ang "Eleven Islands", isang grupo ng isla sa katimugang Zamboanga Peninsula. Ngunit ang nakabibighaning paraiso ay larawan ng karukhaan: walang tubig, walang kuryente, walang paaralan o health center. Dating lagusan ng mga rebelde at pirata, ang Eleven Islands ay saksi at biktima ng maraming taong bakbakan sa Mindanao.

Sa edad na 14, araw-araw nagsasagwan ng bangka si Sarfaina Bakil. Bilang panganay sa siyam na magkakapatid, nakaatas sa kanya ang pinakamahirap na gawaing bahay: ang mag-igib ng tubig sa kabilang pampang. Halos isang oras niyang binabaybay ang Moro Gulf at umaabot naman ng dalawang oras ang pila ng tubig para sa mga residente ng Zamboanga. Pagbalik niya ng isla, marami pang gawaing naghihintay… ngunit kailanman ay hindi nagreklamo si Sarfaina. Hindi siya nawawalan ng pag-asa. Kung kaya't kahit matanda na para sa Grade 4, matiyaga siyang bumalik sa pag-aaral. Ito ang susi sa kanyang mga pangarap.
*https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/557784/paraisong-salat-dokumentaryo-ni-kara-david-ngayong-sabado-sa-i-witness/story/*

Katanungan:


1. Tungkol saan ang dokumentaryong inyong nabasa?
   ____________________________________________

2. Ano ang naramdaman matapos mabasa ang dokumentaryo?
   ____________________________________________

3. Ano ang layunin ng dokumentaryo?
   ____________________________________________

4. Dapat bang payagan ang mga bata na magtrabaho para makatulong sa pamilya?
   ____________________________________________

   ____________________________________________



## *Isaisip*

Batid kong marami ka nang natutuhan sa pagbibigay ng paksa ukol sa iyong napakinggang kwento, talata o usapan at sa iyong napanood na dokumentaryo.

Kung gayon, punan ng tamang salita ang patlang upang mabuo ang diwa ng talata.

1. Ano ang paksa?

Ang paksa ay ang ______na _____ o ang pinag-uusapan sa kwento o ______.


2. Paano mo makukuha ang pangunahing diwa o paksa sa iyong napakinggang kwento,usapan o talata?

Makukuha ang tamang paksa sa pamamagitan ng _________ nang

_________ sa kwento, usapan o talata.

3. Paano maibibigay ang tamang paksa sa isang napanood na dokumentaryo?

Makukuha ang tamang paksa sa isang napanood na dokumentaryo sa pamamamgitan ng ________ nang _______ tungkol sa iba't ibang isyung panlipunan.



## *Tayahin*

Sa bahaging ito, upang lubusan kong malaman kung may natutuhan ka sa ating aralin, basahin at unawain mo ang sumusunod na seleksyon. Sagutin ang mga tanong sa ibaba at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| |
|---|
| Si Alex ay isang batang lumaki sa lungsod. Nang siya ay magbakasyon sa bukid, nasaksihan niya ang mga gawain dito tulad ng paggising nang madilim-dilim pa upang magtungo sa bukid at gatasan ang baka para mainom sa agahan. Katunayan sumasama siya sa bukid upang tumulong sa ginagawa ng kanyang lolo. Nagdadala siya ng timbang pagsisidlan ng gatas. |

1. Paano tumutulong si Alex sa kanyang lolo sa bukid?
   A. Naliligo si Alex sa ilog
   B. Nangunguha ng mga prutas si Alex
   C. Ginagatasan ni Alex ang mga baka
   D. Nagtatanim si Alex sa bukid

2. Ano ang paksa ng maikling kwento?
   A. Ang mga alagang hayop sa bukid

B. Ang pagtatanim sa bukid
C. Ang mga gawain sa bukid
D. Ang paglalaro sa bukid

3. Ano ang layunin ng talata?
   A. Manghihikayat
   B. Mangatwiran
   C. Magpatawa
   D. Magsalaysay

Nagtungo sila sa Baclaran isang araw ng Linggo. Kitang-kita ng magkaibigang Rex at Roel ang nagtataasang gusali sa Ayala.

Rex : Nakita mo ba ang nakikita ko? Ang tataas ng mga gusali.
Roel : Oo nga ano. Nakakatakot siguro sa itaas.
Rex: : Nakakatakot iyan kung lumilipad, baka bumagsak dahil sa taas.
Roel : Mayroon daw panlaban sa lindol ang mataas na gusali.
Rey : O, nandito na pala tayo sa Baclaran, bumaba na tayo.

4. Ano ang paksa ng kanilang usapan?
   A. Ang lumilipad sa langit
   B. Ang panlaban sa lindol
   C. Ang nagtataasang gusali
   D. Ang lugar ng Baclaran

Ang pabrika ay ipinatatayo na sa labas ng Maynila. Inilipat ang mga ito sa mga lalawigan dahil masyado ng masikip sa Kamaynilaan.

5. Ano ang paksa ng talatang iyong nabasa?
   A. Ang pagpapaalis ng mga pabrika
   B. Ang pagpapatayo ng mga pabrika
   C. Ang paglilipat ng mga pabrika sa mga lalawigan
   D. Ang pagsisikip ng mga pabrika

# Karagdagang Gawain

Binabati kita sa matagumpay mong pagtugon sa iba't ibang gawain sa ating modyul. Batid kong marami ka nang imbak ng kaalaman. Ngayon ay sasagutin mo ang panghuling gawain natin.

Basahin at unawain ang buod ng isang dokumentaryo ni Karen Davila na pinamagatang "Pag-asa sa Pagbasa." Sagutin mo mga tanong na nasa ibaba. Maaaring mapanood mo ito sa https://www.youtube.com/watch?v=J7JegoKjpmM .

**Pag-asa sa Pagbasa**

*Ni Karen Davila*

Sa Sauyo High School sa Quezon City, may isang section kung saan ang itinuturo --- pagbaybay ng mga salita, pagsusulat ng mga letra at pagkilala sa mga kulay. Pero ang klaseng ito, wala sa elementarya kundi nasa high school na. Sila ang Section Darwin – isang klase na binubuo ng dalawampu't siyam na mga estudyanteng nakatuntong sa Grade 7 pero hindi pa rin nakapagsusulat at nakababasa.

Kabilang sa Section Darwin ang dose anyos na si Louie. Bagama't hirap maski sa simpleng pagsusulat at pagbabasa, taon-taon siyang ipinapasa ng kanyang mga guro at ngayo'y nakatuntong pa ng Grade 7. Imbis din na aralin ang mga leksyon pagkatapos ng klase, sa tambakan ang diretso ni Louie para mangalakal. Ang kakarampot kasing kikitain niya – malaking tulong na raw sa kanilang pamilya.

Nasa Section Darwin naman ng Grade 8 ang kinse anyos na si Jack. Dahil madalas na walang naibibigay na pambaon ang kanyang mga magulang, lumiliban na lang noon si Jack sa kanyang mga klase at kalauna'y napag-iwanan. Hanggang sa makaabot siya ng high school nang hindi nakapagsusulat at nakababasa. Pero dahil sa kagustuhang matuto --- at dahil na rin sa suporta ng kanyang pamilya at mga guro, nakapagsusulat at nakapagbabasa na ngayon si Jack.

Pero bakit ipinapasa ng eskuwelahan ang mga kagaya nilang "non-reader" at "slow reader?" Hindi ba ipinatutupad ng Department of Education ang "No Read, No Pass Policy?" Kanino raw ba dapat isisi kung bakit umaabot sila ng high school nang hindi nakababasa at nakapagsusulat --- sa mga guro, sa kahirapan, sa kakulangan ng suporta mula sa magulang o sa mismong kagustuhan nila na matuto?

*https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/665912/pag-asa-sa-pagbasa-dokumentaryo-ni-kara-david-ngayong-sabado-sa-i-witness/story/*

# Susi sa Pagwawasto

**Tuklasin**
1. B.
2. B.
3. B.
4. B.
5. A.

**Pagyamanin**

Gawain 1
1. B.
2. D.
3. A.
4. C.
5. B.

Gawain 2
- Nakadepende sa sagot ng mag-aaral ang sagot at pag iiskor ng guro.

**Tayahin**
6. C.
7. C.
8. D.
9. D.
10. B.

## Sanggunian


www.gmanetwork.com;*https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/557784/paraisong-salat-dokumentaryo-ni-kara-david-ngayong-sabado-sa-i-witness/story/* ; **Published** March 4, 2016 1:59pm

www.gmanetwork.com;*https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/iwitness/665912/pag-asa-sa-pagbasa-dokumentaryo-ni-kara-david-ngayong-sabado-sa-i-witness/story/* ; **Published** August 29, 2018 7:12pm